# *Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 6*
# *Ang Epekto ng Isang Pamilya*

Ang pamilyang makasaserdote ay binubuo ng ama, ina, mga anak, at Salita ng Dios bilang namumunong may kapangyarihan sa kanilang tahanan. Ang Cristianong pamilya na nagtutulak ng isang layunin, na pamumunuan ng matapang at makaDios na mga magulang ay maaaring gumawa ng malaking pagbabago sa lipunan at kasaysayan ng sangkatauhan. Ang kanilang buhay pampamilya ay maaaring maging hamon sa lipunan, at hahamon sa sanglibutan na makilala si Cristo at maglingkod sa Dios. Ang isang maka-Dios na pamilya ay maaaring maging mapanlikha at epektibo habang sila'y nagtutulungan upang makamit ang kanilang layunin bilang mga hinirang ng Dios na mag-alaga ng mga pari, at mga lingkod sa buhay na Dios. Ang ganoong pamilya'y makakagawa sa tulong ng Dios, makabuo ng isang pinuno na makakaapekto sa Kapulungan ng bayan ng Dios. Tiyak, papaging dapatin ng Dios ang isang disididong pamilya na naglilingkod at nagpaparangal sa Kanya na tumayo nang buong tapang at harapin ang sanglibutan ng walang kompromiso ng mensahe ng kaligtasan.

***A. Ang Epekto ng isang Pamilya upang Maitayo ang isang Pinuno:*** Sa Egipto ang mga supling ni Jacob ay naging alipin ni Faraon pagkatapos ng pagkamatay ng salinlahi ni Jose: ***"6 At namatay si Jose, at ang lahat niyang kapatid at ang buong lahing yaon. 7 At ang mga anak ni Israel ay lumago, at kumapal na maigi at dumami, at naging totoong makapangyarihan; at ang lupain ay napuno nila. 8 May bumangon ngang isang bagong hari sa Egipto, na hindi kilala si Jose. 9 At sinabi niya sa kaniyang bayan, Narito, ang bayan ng mga anak ni Israel ay higit at lalong malakas kay sa atin: 10 Hayo't tayo'y magpakadunong sa kanila; baka sila'y dumami, at mangyari, na, pagka nagkadigma, ay makisanib pati sila sa ating mga kaaway, at lumaban sa atin, at magsilayas sa lupain. 11 Kaya't nangaglagay sila ng mga tagapagpaatag, upang dalamhatiin sila sa atang sa kanila. At kanilang ipinagtayo si Faraon ng mga bayan na kamaligan, na dili iba't ang Phithom at Raamses. 12 Datapuwa't habang dinadalamhati nila sila, ay lalong dumadami at lalong kumakapal. At kinapootan nila ang mga anak ni Israel. 13 At pinapaglingkod na may kabagsikan ng mga Egipcio ang mga anak ni Israel: 14 At kanilang pinapamuhay sila ng masaklap sa pamamagitan ng mahirap na paglilingkod, sa argamasa at sa laryo, at sa lahat ng sarisaring paglilingkod sa bukid, at sa lahat ng paglilingkod nila na ipinapaglingkod sa kanila, na may kabagsikan. 15 At ang hari sa Egipto ay nagsalita sa mga hilot na Hebrea, na ang pangalan ng isa ay Siphra, at ang pangalan ng isa ay Phua: 16 At kaniyang sinabi, Paghilot ninyo sa mga babaing Hebrea, at pagtingin ninyo sa kanila sa dakong pangang anakan; kung lalake, ay papatayin nga ninyo: datapuwa't kung babae ay inyong bubuhayin. 17 Datapuwa't ang mga hilot ay nangatakot sa Dios at hindi ginawa ang gaya ng iniutos sa kanila ng hari sa Egipto, kundi iniligtas na buhay ang mga batang lalake. 18 At ipinatawag ng hari sa Egipto ang mga hilot, at sinabi sa kanila, Bakit ninyo ginawa ang bagay na ito, at inyong iniligtas na buhay ang mga batang lalake? 19 At sinabi ng mga hilot kay Faraon, Sapagka't ang mga babaing Hebrea ay hindi gaya ng mga babaing Egipcia; sapagka't sila'y maliliksi, at nakapanganak na, bago dumating ang hilot sa kanila. 20 At ang Dios ay gumawa ng mabuti sa mga hilot: at ang bayan ay kumapal, at naging totoong makapangyarihan. 21 At nangyari, na sapagka't ang mga hilot ay natakot sa Dios, ay iginawa niya sila ng mga sangbahayan. 22 At iniutos ni Faraon sa kaniyang buong bayan, na sinasabi, Itatapon ninyo sa ilog bawa't lalake na ipanganak, at bawa't babae ay ililigtas ninyong buhay." (Exodu 1:6-22 KJV)*** Ginamit ng diablo ang Epiciong namumuno upang pahirapan ang mga supling ni Jacob, ang pamilya ng mga Israelita. Mas ginipit sila sa mahirap na pagtatrabaho ng mga ama, at pinapatay nila ang bagong silang na batang lalake ng mga ina. Ngunit habang sila ay higit na pinahihirapan, sila ay mas lalo pang dumami at kumalat. Nanatili at dumami ang mga Israelita sa Egipto nang mahigit sa dalawang siglo hanggang sa panahon na naalaala ng Dios ang kanilang panawagan para sa isang tagapagligtas at ipinadala Niya si Moises, isang pinunong maglalabas sa kanila mula sa Egipto.

Ang kasaysayan ni Moises kung paanong siya'y pinalaki at kung paano niya pinangunahan ang karamihan ng mga Israelita palabas ng Egipto ay tunay na kamangha manghang pangyayari na nagpakita kung paanong ang isang pamilya, ang hinirang na bayan ng Dios, at ang Kanyang simbahan ay maaring makapag ambag at makaapekto ng malaki sa lipunan. ***"1 At isang lalake sa lipi ni Levi ay yumaon, at nagasawa sa isang anak na babae ng lipi ni Levi. 2 At ang babae ay naglihi, at nanganak ng isang lalake: at nang kaniyang makita na maganda, ay kaniyang itinagong tatlong buwan. 3 At nang hindi na niya maitatagong malaon ay ikinuha niya ng isang takbang yantok, at pinahiran niya ng betun at ng sahing; at kaniyang isinilid ang bata roon, at inilagay sa katalahiban sa tabi ng ilog. 4 At tumayo sa malayo ang kaniyang kapatid na babae, upang maalaman ang mangyayari sa bata. 5 At ang anak na babae ni Faraon ay lumusong upang maligo sa ilog; at nagsipaglakad ang kaniyang mga abay sa tabi ng ilog; at kaniyang nakita ang takba sa katalahiban, at ipinakuha sa kaniyang abay. 6 At kaniyang binuksan, at nakita niya ang bata: at narito, ang sanggol ay umiyak. At kaniyang kinaawaan at sinabi, Ito'y isa sa mga anak ng mga Hebreo. 7 Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang kapatid na babae sa anak ni Faraon, Yayaon ba ako at itatawag kita ng isang sisiwa sa mga babaing Hebrea, na makapagalaga sa iyo ng batang ito? 8 At sinabi sa kaniya ng anak ni Faraon, Yumaon ka. At ang dalaga ay yumaon, at tinawag ang ina ng bata. 9 At sinabi ng anak ni Faraon, sa kaniya,***

***Dalhin mo ang batang ito, at alagaan mo sa akin, at bibigyan kita ng iyong kaupahan. At kinuha ng babae ang bata, at inalagaan. 10 At ang bata ay lumaki, at kaniyang dinala sa anak ni Faraon, at siya'y kaniyang inaring anak. At kaniyang pinanganlang Moises, at sinabi, Sapagka't aking sinagip siya sa tubig." (Exodus 2:1-10 KJV)***

Sa kalagitnaan ng paguusig, isang pamilya ang nagsikap upang iligtas ang buhay ng kanilang anak na lalaki. Ginawa nila ang kanilang makakakaya upang ipagtanggol ang kanilang anak at para kanlungin siya mula sa kaaaway sapagkat sila'y may pananampalataya sa Dios na ang bata ay maaaring gumawa ng malaking pagbabago sa hinaharap para sa buong pamayanan ng mga Israelita.

Ang buong pamilya ay nagtiyaga at ginawa ang kanilang makakakaya upang pangalagaan ang bata. Nakita ng Dios ang kanilang busilak na pagmamalasakit upang alagaan para sa kaloob na ito ng buhay at kaya Siya ay gumawa ng isang malaking himala sa pagbibigay ng kagamitan at pagaalaga sa bata upang lumaki sa Palasyo ni Faraon. Kumilos ang Dios sa pamamagitan ng buhay ng mga kasapi nang pamilyang ito na nagkaisa at desididong iligtas ang buhay ng kanilang batang lalaki:

***1. Ang pamilya ay kumilos sa pananampalataya:*** Nakita nila na siya ay mabuting bata. Nakilala nila na ang Dios ay may gagawing isang bagay.
***2. Ang pamilya ay kumilos ng may buong tapang:*** Sila'y hindi natakot sa utos ng hari.
***3. Ang pamilya ay nagmamalasakit ng husto:*** Itinago nila siya ng tatlong buwan sa tahanan.
***4. Ang pamilya ay kumilos nang matalino:*** Sila ay kumuha ng basket na yantok para sa kanya at binalutan ng betun at sahing at isinilid upang manatiling ligtas sa tubig.
***5. Ang pamilya ay kumilos nang may pagkamalikhain:*** Kanilang nilagyan ng takip ang basket upang protektahan siya mula sa buwaya ng Ilog ng nilo na kinailangang buksan ng anak ng Faraon upang makita ang sanggol.
***6. Ang pamilya ay kumilos ng may katalinuhan:*** Ang kapatid na babae ay tumayo sa malayo at sinabi sa anak ng Faraon ***"Yayaon ba ako at itatawag kita ng isang sisiwa sa mga babaing Hebrea, na makapagalaga sa iyo ng batang ito?" (Exodu 2:7b)***
***7. Sila'y kumilos ng may kababaang loob:*** Ang kanyang ina ay tinanggap ang kabayaran mula sa anak ng Faraon. ***"Dalhin mo ang batang ito, at alagaan mo sa akin, at bibigyan kita ng iyong kaupahan." (Exodu 2:9a)***

Ang pamilyang ito ay namumuhay sa kalooban ng Dios at kumikilos ng may pananampalataya, at ang kanilang bunga ay si Moises na ginamit ng Dios upang iligats ang bayan ng Dios., ang mga Israelita, ang karaniwang simbahan, mula sa kamay ni Faraon. Si Moises ay naging anak ng prinsesa ngunit siya'y inalagaan ng kanyang pamilya. Siya'y nakatira sa palasyo datapuwat siya ay sinanay ng kanyang mga magulang. Ang kanyang sariling pamilya kahit na binubuo lamang ng iilang mga kasapi na namuhay para sa Dios at pinanatiling buhay ang Salita ng Dios sa kanilang tahanan ay nakayanan ang pagsubok ng pag-uusig sa gitna ng lahat ng panggigipit at mga pagsubok sa kanilang buhay at sila'y nananatili hanggang ngayon bilang isang hamon para sa mga magulang sa salinlahing ito, na disididong palakihin ang kanilang mga anak upang maglingkod sa Dios.

***B. <u>Ang Epekto ng Isang Pamilya upang Hamunin ang Simbahan at ang Sanglibutan</u>:*** Pinangunahan ni Moses ang mga tao sa bukana ng Lupang Pangako. At si Josue na katulong ni Moises, ay sa wakas ay hinirang ng PANGINOON na maging kahalili ni Moses para pangunahan ang mga tao sa Lupang Pangako. ***"18 At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalake na kinakasihan ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; 19 At iharap mo siya kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan; at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin. 20 At lalagyan mo siya ng iyong karangalan upang sundin siya ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel. 21 At siya'y tatayo sa harap ni Eleazar na saserdote, na siyang maguusisa tungkol sa kaniya, ng hatol ng Urim sa harap ng PANGINOON: sa kaniyang salita, ay lalabas sila, at sa kaniyang salita, ay papasok sila, siya at ang lahat ng mga anak ni Israel na kasama niya, sa makatuwid baga'y ang buong kapisanan. 22 At ginawa ni Moises gaya ng iniutos ng PANGINOON sa kaniya: at kaniyang ipinagsama si Josue, at kaniyang iniharap kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan: 23 At kaniyang ipinatong ang mga kamay niya sa kaniya, at pinagbilinan niya siya, gaya ng sinalita ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises." (Bilang 27:18-23 KJV)***

Tunay ngang pinangunahan ni Josue nang matagumpay ang mga Israelita patawid ng ilog ng Jordan patungo sa Lupang Pangako, at nakipaglaban siya sa mga laban ng Panginoon at nanagumpay. Nakuha niya ang maraming lungsod, at nagapi ang maraming mga hari at nasakop ang halos lahat ng inilaan na lupain na dapat niyang mapagwagian para sa bayan ng Dios. Sa kanyang pamumuno siya ay nagpakita ng katapatan at siya'y sumunod nang lubos sa buong mga tagubilin ng Panginoon na ibinigay sa kanya sa pamamagitan ni Moises.

Si Josue ay hindi lamang isang lalaki para sa pakikibaka at pakikipaglaban, ngunit siya din ay isang lalaking nangangalaga para sa kanyang pamilya at sinanay ang kanyang sangbahayan na matakot sa Dios at maglingkod

sa Kanya ng tapat. Sa kanyang pamamaalam sa mga Israelita na kanyang pinamunuan, hinamon niya sila na sumunod sa PANGINOON ng buong puso. ***"14 Ngayon nga ay matakot kayo sa PANGINOON, at paglingkuran ninyo siya sa pagtatapat at sa katotohanan: at inyong alisin ang mga dios na mga pinaglingkuran ng inyong mga magulang sa dako roon ng Ilog at sa Egipto; at inyong paglingkuran ang PANGINOON. 15 At kung inaakala ninyong masama na maglingkod sa PANGINOON, ay piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; kung ang mga dios ng inyong mga magulang na pinaglingkuran sa dako roon ng Ilog, o ang dios ng mga Amorrheo na ang lupain nila ay inyong tinatahanan: nguni't sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa PANGINOON." (Josue 24:14-15 KJV)*** Nakita ni Josue ang pagtitiwala sa kanyang sariling pamilya na kahit na ang buong pamayanan ng buong Israelita ay iwanan ang mga kaparaan ng Dios, siya at ang kanyang pamilya ay maglilingkod sa Dios at dadalhin ang mensahe at gawain ng Dios sa susunod na salinlahi.

Hinarap ni Josue ang bayan ng Dios, ang dabindalawang angkan ng Israel, ng isang mensahe na itapon ang mga diosdiosan na mayroon sila. At matapang niyang hinamon sila, na kung sila'y hindi handang maglingkod sa Dios na naglabas sa kanila sa Egipto, sa gayo'y kailangan nilang pumili kung sinong dios at diosdiosan ang kanilang paglilingkuran. Kung hindi nila pipiliin na maglingkod sa Dios sa gayo'y kanilang piniling maglingkod sa demonyo ng mga dios ng lupa. Sinabi ni Josue sa kanila: ***"15 At kung inaakala ninyong masama na maglingkod sa PANGINOON, ay piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; kung ang mga dios ng inyong mga magulang na pinaglingkuran sa dako roon ng Ilog, o ang dios ng mga Amorrheo na ang lupain nila ay inyong tinatahanan." (Josue 24:15a)***

***1. <u>Ang mga dios ng inyong mga magulang na pinaglingkuran sa dako roon ng Ilog</u>:*** Ito'y kumakatawan sa dating relihiyon na mayroon ka dati bago mo makilala ang Dios at sumunod kay Cristo. Sila rin ay ang mga tradisyunal na gawi na nauugnay sa natatanging relihiyon. Hindi sapat na lisanin ang dating relihiyon bagkus ang mga nakasanayan na kaugnay sa tradisyonal na yaon.

***2. <u>O ang dios ng mga Amorrheo na ang lupain nila ay inyong tinatahanan</u>:*** Ito'y kumakatawan sa mga dios ng sanglibutan sa ngayon. Sila ay ang salapi, electronic devices, mga pagnanasa, kapangyarihan, at lahat ng bagay na maaring mabili ng salapi. Ang mga ito ay mga pista na iniaalay sa mga diossdiosan tulad ng Pasko, Bagong Taon, Kaarawan, Halloween, Araw ng mga Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina, at iba pa. Ito ang mga imoralidad sa anyo ng kasintahan, pagnunuyo, pakikipagtipan, panliligaw, pamumuhay nang magkakasama nang hindi kasal, diborsiyo at muling pagpapakasal, mga solong magulang na nagpapakasal sa hindi mga magulang ng kanilang mga anak na buhay pa, homosekswalidad, at iba pa. Ito ang karamihan na sinasamba ng mga tao sa ngayon. Datapuwat ang Salita ng Dios ay ipinapaalala at sinasabi: ***"15 Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. 16 Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. 17 At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man." (1 Juan 2:15-17 KJV)*** Kung iniibig mo ang mga bagay sa mundong ito, ikaw ay isang sumasamba sa diosdiosan. Kung hindi mo kayang hiwalayin ang iyong sarili sa mga bagay at pagnanasa ng mundo, hindi mo kayang paglingkuran ang buhay na Dios.

Batid ni Josue na ang tradisyonal na mga gawi at makamundong mga bagay ay papasok at uukupa sa kapulungan sapagkat ang ilang mga kasapi at mga manggagawa ang mag-aanyaya o naanyayahan na sa kanila na bumalik sa dating buhay. Ngunit si Josue ay nanindigan at hinarap niya ang buong kapisanan ng bayan ng Dios. Siya ay matapang at may tiwala sapagkat tiyak niya na siya'y makapaglilingkod sa Dios kasama ng kanyang pamilya kahit walang ibang mga taong tatayo kasama niya.

Si Josue ay may kakayahan na buong tapang na magsabi sa mga kampanteng Israelita: ***"Nguni't sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa PANGINOON."***

*A. Dahil ang pamilya ni Josue ay hindi sumusunod sa alinmang dating relihiyosong pagsamba sa mga diosdiosan.*
*B. Dahil ang pamilya ni Josue ay hindi nakikibagay sa mga walang kabuluhang mga gawi.*
*C. Dahil ang pamilya ni Josue ay hindi nahikayat sa mga dios ng sanglibutan o ng mga tao na nakapaligid sa kanila.*
*D. Dahil napagtanto ni Josue ang malaking epekto ng kanyang pamilya sa buhay ng kapisanan ng mga Israelita.*

*Hinahamon ni Josue ang buong pamayanan ng mga Israelita na sumunod sa halimbawa ng kanyang pamilya na mabuhay sa kabanalan at maglingkod sa Dios at sumunod sa Kanya ng buong puso. Dahil itinatag ni Josue ang kanyang buong pagtitiwala sa Dios bilang ginawa niya ang kanyang tungkulin upang pamunuan ang kanyang*

*pamilya at ang kanyang sangbahayan at manguna sa kanila na matakot sa Dios at mamuhay ayon sa mga paraan ng Dios. Ito ang kapahayagan ng kanyang buong pagtitiwala sa PANGINOON.*

Maging hamon sa atin ang pamumuno ni Josue na isang tunay na pinuno. Pinamahalaan niya ang kanyang sangbahayan at siya'y tinulungan ng kanyang pamilya sa paglilingkod sa Panginoon. Maraming mga pastor at nasa ministerio ang naglilingkod sa Dios, ngunit iniiwan nila ang kanilang mga pamilya sa kanilang likuran. Bago ganap na masangkot sa ministerio ng simbahan, tayo ay magsumikap upang itatag ang ating mga pamilya. Nang sa ganon kapag ang ating pamilya'y naging ganap, at naging matatag, maninindigang matatag sa Panginoon, sila'y magbibigay sa atin ng bonus, ng lakas at mahusay na paraan ng paghihimok upang ituwid at hamunin ang mga tao na sumunod sa Dios, at maglingkod sa Kanya gaya natin bilang isang pamilya.

Ating pagsikapang sumunod sa Dios sa pamamagitan ng pangangalaga para sa ating mga pamilya at palakihin ang ating mga anak sa pagkatakot sa Dios at paglakad sa Kanyang katotohanan. Tayo'y maging isang epektibong pinunong nagtuturo sa ating sangbahayan ng Salita ng Dios. Habang tayo'y nagpapatuloy na sumasamba sa Panginoon ng magkakasama at sinasanay silang maglingkod sa Dios, sa madaling panahon ating aanihin ang ani: ***"9 At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod. 10 Kaya nga, samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya." (Galacia 6:9-10 KJV)*** Ang Salita ng Dios ay inutusan tayo na gumawa ng mabuti sa pamilya ng mga mananampalataya. Sa gayo'y gaano pa kaya tayong tinawag upang pangalagaan nang mabuti ang ating mga pamilya nang walang iba kundi tayo. Inatasan tayo ng Diyos upang pangalagaan sila. Kung gagawin natin ng maayos sa aspetong ito, sa gayo'y ang ating mga pamilya, mga asawa, at mga anak ay magiging ating ka-manggagawa natin upang tulungan tayo at ang ministerio na ipinagkatiwala sa atin ng Panginoon. Sila ang magbibigay lakas ng loob at pag-asa sa atin sa panahon ng pagkabigo at kawalan ng pag-asa. Sila ang magiging ating imbakan upang harapin ang sanglibutan at ang mga tao na lumayo sa Dios. At maaaring tayo'y makagawa ng malaking epekto sa pamayanan na nakapaligid sa atin, at sa pamayanan ng mga mananampalataya nang pagpapakita sa kanila ng isang huwarang halimbawa ng ating pamilya na kanilang makikita at susundan. Ang ating mga pamilya na pinalaki sa pagkatakot sa Dios at paglilingkod sa Panginoon, ay ang inilaan ng Dios sa atin, at sila ang ating mga tapat na taga suporta sa larangan ng misyon sa pag-abot sa naliligaw sa ating paligid ng walang pakikipagkompromisong mensahe ng Mabuting Balita ni JesuCristo ang ating Panginoon.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang ating pamilya'y maaaring binubuo ng iilang mga kasapi, ngunit maari tayong lumikha ng isang malaking epekto habang tayo'y lumalakad nang may katapatan sa Dios at hayaan natin ang Kanyang Salita ang mamunong may kapangyarihan sa ating tahanan. Ating pamunuan ang ating pamilya nang may kakayahan at makagawa ng isang malaking pagbabago sa lipunan at kasaysayan ng sangkatauhan. Maging disidido tayo bilang makaDios na mga magulang na magpalaki ng mga anak na magiging makaDios na mga pinuno sa susunod na salinlahi na maglilingkod sa ating Dios ng epektibo at mapanlikha. Sa wakas, ang ating katapatang manguna at mangalaga para sa ating pamilya ay magiging pagkukunan ng biyaya sa atin at sa mga taong nakapaligid sa atin. Kaya tayo'y maging may pananagutan at tayo'y tumayong matatag upang gawin ang ating tungkulin para Dios at bilang makaharing mga seserdote ng Panginoon.

Tayo'y manalangin:

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan nin Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong nakakahikayat na Salita na nag-udyok sa akin na yumaon at itatag ang mga kasapi ng pamilya at mga anak na magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon, salamat sa lahat ng mga kasapi ng aking pamilya na ginagawa ang kanilang makakaya upang tulungan ako sa paglilingkod sa iyo.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat ang iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikdan ang iyong kakulangan sa pagbibigay ng oras sa iyong pamilya, magbasa ng Bibliya sa kanila, manalangin kasama nila, at sanayin sila. Ipagtapat at talikdan ang iyong kamunduhan, pagibig sa mundo, sa iyong pakikisama at pagsasayang ng oras sa di mga mananampalataya at kaibigan, at pagkaalipin sa Media, Balita, at laro. Ipagtapat at talikdan ang iyong pagsamba sa diosdiosan sa anyo ng pagpapanatili ng mga kaugalian ng lumang relihiyon, mga pista na nag-aalay sa mga diosdiosan, ang iyong pagnanasa at kasamaan, ang iyong pagibig sa salapi, at pagsasayang ng iyong mga yaman sa mga bagay na hindi naman kailangan. Ipagtapat at talikdan ang iyong kakulangan sa pananampalataya at ang madaling panghinaan ng loob. Ipagtapat at talikdan ang iyong mga pakikipagkompromiso at ang kawalang kagustuhan na magtiyaga at manindigan sa harap ng mga hamon at pag-uusig. Ipagtapat at talikdan ang iyong naantalang pagsunod, at paggawa ng sariling kagustuhan at plano. Ipagtapat at talikdan ang iyong kawalang kagustuhan na maglingkod sa Dios at paggawa ng mabubuting gawa na inihanda Niya nang maaga para sa iyo na gawin. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan*

________________________________________________________________________________
_________________.

*Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili upang pangalagaan ang lahat ng kasapi ng aking pamilya at itaguyod sila sa katotohanan ng iyong Salita at sanayin sila upang maglingkod sa iyo. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili upang ipakita sa kanila ang pagibig at pag-aalaga upang sila'y lumago at maging ganap at magsimulang maglingkod sa iyo. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili upang makipagtulungan sa iyo upang ang patotoo ng buhay ng aking pamilya ay maakit ang iba na makilala ka at magsimulang maglingkod sa iyo at upang makahikayat ng iba na magbagong-buhay at ialay ang kanilang buhay upang sundan ka at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at inalay ang kanilang buhay upang itaguyod ang kanilang mga kasapi ng pamilya at pamunuan ang kanilang mga anak upang sanayin silang magpatuloy at maglingkod sa iyo at maging mabuting halimbawa sa iba upang sundan si Cristo. Panginoon, nananalangin ako para sa mas maraming pinuno na iyong itinatag mula sa mga kabataan at bata upang maglingkod sa iyo at pangunahan ang iba patungo sa iyong Kaharian.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan at gabayan mo kami upang patuloy na sanayin ang mga magulang at pamilya kung paano alagaan ang kanilang mga anak at palaguin sila sa takot sa Dios. Panginoon, iniaalay namin ang aming mga sarili upang patuloy na turuan at sanayin ang aming mga anak at mga alagad upang magpatuloy at maglingkod sa iyo nang sa gayon ay maging mga hinaharap na pinuno na makagawa ng pagbabago sa mundo. Panginoon, hinihiling namin na puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy sa pangangaral, gumawa ng mga bagong alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa upang yumaon at magtayo ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparmi sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Mga Tungkuin ng Saserdote Yugto 6. Ang Epekto ng Isang Pamilya. Exodo 1:6-22. Exodo 2:1-10. Bilang 27:18-23. Joshue 24:14-15. 1 Juan 2:15-17. Galacia 6:9-10.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com